

PIVOT^{4A}

LEARNER'S MATERIAL

GRADE 3 -

Araling Panlipunan



QUARTER 3

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na hindi maaaring magkaroon ng karapatang-ari sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayumpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang bahagi ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot ng Kagawaran.

Ang modyul na ito ay masusing sinuri at nirebisa ayon sa pamantayan ng DepEd Regional Office 4A at ng Curriculum and Learning Management Division CALABARZON. Ang bawat bahagi ay tiniyak na walang nilabag sa mga panuntunan na isinasaad ng Intellectual Property Rights (IPR) para sa karapatang pampagkatuto.

Mga Tagasuri

PIVOT 4A Learner's Material
Ikatlong Markahan
Ikalawang Edisyon, 2021

Araling Palipunan Ikatlong Baitang

Job S. Zape, Jr.
PIVOT 4A Instructional Design & Development Lead

Barry G. Aquino
Content Creator & Writer

Leonardo C. Cargullo & Jean Danga
Internal Reviewer & Editor

Fe Ong-ongowan, Alvin G. Alejandro & Hiyasmin D. Capelo
Layout Artist & Illustrator

Jeewel L. Cabriga, Alvin G. Alejandro & Melanie Mae N. Moreno
Graphic Artist & Cover Designer

Ephraim L. Gibas
IT & Logistics

Maria Christina Pangan, Komisyon sa Wikang Filipino
Language Editor & Reviewer

Inilathala ng: Kagawaran ng Edukasyon Rehiyon 4A CALABARZON
Patnugot: **Francis Cesar B. Bringas**

PIVOT 4A CALABARZON AP G3

Ang Kultura sa Aming Rehiyon

Aralin

I

Mahalaga na malaman mo ang iyong kultura at matutuhan ang iba't ibang aspekto nito tulad ng tradisyon, kaugalian, paniniwala, pagpapahalaga, wika, at batas. Sa aralin na ito, matututuhan mo ang mga aspekto ng kultura.



Ang kultura ay ang kabuoang paraan ng pamumuhay ng mga tao bilang kasapi ng komunidad o lipunan. Ito ang kabuoan ng mga paraan kung paano ginagawa ng isang pangkat ng mga tao ang mga bagay upang mabuhay. Ito ay maaaring makita sa kanilang wika, panitikan, paniniwala o relihiyon, kaugalian, tradisyon, pagkain, at sining tulad ng musika at sayaw.

Ang kultura ay may iba't ibang aspekto tulad ng tradisyon, kaugalian, paniniwala, pagpapahalaga, wika, at batas.

Ang tradisyon ay tumutukoy sa mga gawain tulad ng ritwal at pagdiriwang.

Ang kaugalian ay ang inaasahang pag-uugali ng mga pangkat ng tao. Ang mga ito ay mga inaasahang kilos at gawi na dapat sundin. Ang halimbawa nito ay ang paggamit ng “po” at “opo, at pagmamano.

Ang paniniwala ay idea, pananaw, at saloobin ng grupo o lipunan. Ang mga ito ay matatagpuan sa mga pabula, salawikain, alamat, mga tradisyon, pamahiin, edukasyon, at iba pang nakaiimpluwensiya sa kanilang mga idea, damdamin, at saloobin. Ito rin ay ang kanilang pinaniniwalaan ayon sa karanasan ng kanilang pangkat o lipunan.

Ang pagpapahalaga ay ang pamantayan ng lipunan kung ano ang tama o mali, mabuti o masama. May kinalaman ito sa bagay o gawaing naiibigan o naiiwasan.

Ang wika ay ang mga pananalitang ginagamit ng mga tao sa pakikipag-usap o pakikipagkomunikasyon. Ang wika ang pinakamahusay na paraan upang matiyak kung nagkakaunawaan ang bawat isa. Ito ay mga nakasulat na salita, numero, at mga di-berbal na komunikasyon tulad ng mga ekspresyon sa mukha at mga paggalaw ng katawan.

Ang batas ay mga alituntunin, regulasyon, at patakaran na ipinatutupad sa isang lipunan. Ang paglabag sa mga batas ay may tulad ng pagpatay ng kapwa, pananakit, pang-aabuso, pagnanakaw, at iba pa ay may kaparusahan. Ang mga gawain labag sa batas ay itinuturing na krimen at ang taong lumalabag sa batas ay tinatawag na kriminal.



Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Tukuyin ang mga hinihingi ng sumusunod. Isulat ang iyong sagot sa iyong sagutang papel.

- _____ 1. Ito ay ang mga pamantayan ng lipunan kung ano ang tama, mali, mabuti o masama.
- _____ 2. Matatagpuan sa mga pabula, salawikain, alamat, mga tradisyon, pamahiin, edukasyon, at iba pang nakaiimpluwensiya sa kanilang mga idea, damdamin, at saloobin.

- _____ 3. Ipinatutupad sa isang lipunan ang mga alituntunin, regulasyon at patakaran.
- _____ 4. Ito ay tumutukoy sa mga gawain tulad ng ritwal at pagdiriwang.
- _____ 5. Ang kabuoang paraan ng pamumuhay ng mga tao bilang kasapi ng komunidad o lipunan.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Piliin sa **Hanay B** ang konsepto ng kultura na nasa **Hanay A**. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

Hanay A

1. Tagalog
2. Pagmamano sa matanda
3. Pagdiriwang ng mahahalagang araw
4. Bawal magnakaw
5. Kapag may isinuksok may madudukot

Hanay B


- a. Paniniwala
- b. Tradisyon
- c. Batas
- d. Kaugalian
- e. Wika

Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Tukuyin kung ang sumusunod ay paniniwala, kaugalian, o tradisyon. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

- _____ 1. simbang gabi
- _____ 2. nakakamay kung kumain
- _____ 3. diwata at anito
- _____ 4. paghaharana ng lalaki sa kaniyang nililigawang babae
- _____ 5. tikbalang at kapre

E

Gawain sa Pagkatuto Bilang 4: Isulat sa loob ng bilog ang mga kaugalian o paniniwala na nakasanayan ninyo ng iyong pamilya. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.



Gawain sa Pagkatuto Bilang 5: Sa tulong ng inyong mga magulang o nakakatandang kapatid, pumili ng isang aspekto ng kultura at ilarawan ito sa pamamagitan ng isang malikhaing sining tulad ng pagguhit, tula, awit, o pagkukuwento. Gawin ito sa inyong sagutang papel.

A

Buoin ang talata sa ibaba. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

Ang _____ ang nagpapakita ng _____ ng isang pangkat ng tao. Mahalagang marami ang iyong nalalaman tungkol sa sariling kultura upang mas makilala ang iyong _____ at maging ang iyong kinabibilangang _____.

kultura	pagkakakilanlan
sarili	komunidad

Ang Heograpiya sa Aming Lalawigan at Rehiyon

Aralin

I

Mahalagang malaman ang lokasyon at klima ng rehiyon at lalawigan kung saan ka nakatira. Sa aralin na ito, matutuhan mo ang epekto ng lokasyon at klima sa uri ng pamumuhay ng inyong rehiyon at lalawigan

Malaki ang kinalamang ng lokasyon at klima sa pamumuhay ng mga tao. Ang mga ito ay may impluwensiya sa produktong nasa bawat lugar, uri ng pananim, at maging sa pagluluto ng pagkain, pananamit, uri ng bahay, at pagpili ng mga tao ng kanilang trabaho.

Ang Rehiyon IV-A CALABARZON ay binubuo ng mga lalawigan ng Cavite, Laguna, Batangas, Rizal at Quezon. Ang rehiyon ay may dalawang (2) tiyak na panahon: tag-init at tag-ulan. Ang Rizal at Laguna ay nakakaranas ng ikatlong uri ng klima hindi tiyak ang panahon.



Naapektuhan ng klima ang mga produktong nagmumula sa iba't ibang lalawigan. Ang pangunahing pananim at pinagkakakitahan sa Rehiyon 4A ay abaka, niyog, at palay dahil sa mahaba at halos buong taon ang tag-araw dito. Sa lugar na ang klima ay higit na maulan kaysa maaraw tulad ng Batangas, tubo at niyog ang pangunahing tanim dito.

Nakakaimpluwensiya din ang pisikal na kapaligiran ng lugar sa uri ng pamumuhay ng mga naninirahan dito. May mga malawak na taniman, bakahan, kagubatan, minahan at mayamang karagatan, kung kaya't nagtatanim sila ng iba pang produkto tulad ng palay, mais, tubo, kape, prutas at gulay. Sa Quezon ay nangunguna ang produksiyon ng palay at niyog. Sa Cavite naman ay tanyag ang saging, pinya at abokado. Ang palay naman ay inaani sa Batangas at Laguna. Kilala ang bayan ng Paete, Liliw, at Nagcarlan sa matatamis na lansones.

Ang kasuotan ng mga tao ay ibinabagay din sa uri ng kanilang klima. Ang mga tao na naninirahan dito ay nagsusuot ng makakapal na damit kung taglamig upang hindi ginawin. Kung maiinit naman ang panahon sila naman ay nagsusuot ng maninipis at maluluwang na kasuotan.



Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Iguhit ang **▲** sa patlang kung ang pahayag ay tama at **○** naman kung ito ay mali. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

- _____ 1. Ang lokasyon at klima ng isang lugar ay malaki ang kinalaman sa pamumuhay ng mga tao.


- _____ 2. Ang lalawigan ng Laguna ang nangunguna sa produksiyon ng palay at niyog.
- _____ 3. Nakakaapekto sa uri ng produkto sa isang lugar ang uri ng kapaligiran nito.
- _____ 4. Kung taglamig ang mga tao ay nagsusuot ng makakapal na damit upang hindi sila ginawin.
- _____ 5. Sa mga lugar na higit na maulan kaysa maaraw, abaka, niyog, at palay ang angkop sa kanilang klima.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Pilin sa mga larawan sa **Hanay B** ang kaugnay na kaisipan ng mga pahayag sa **Hanay A**. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

Hanay A

1. Matatamis na prutas na kilala sa bayan ng Paete, Liliw, at Nagcarlan.
2. Ito ay uri ng kasuotan na isinusuot kung taglamig ang panahon .
3. Kasuotan na isinusuot kung mainit ang panahon.
4. Ito ang kadalasang pananim sa mga lugar na mahaba at halos buong taon ang tag-araw tulad ng Bicol.
5. Ito ang kadalasang tanim sa mga lugar na higit na maulan kaysa maaraw tulad ng Batangas.

Hanay B




E

Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Tingnan at suriin ang mga larawan. Isulat sa loob ng kahon kung ano ang uri ng pamumuhay ng mga tao ang naiimpluwensiyahan ng lokasyon at klima sa kanilang lugar. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.



Gawain sa Pagkatuto Bilang 4: Isulat sa loob ng bilog ang uri ng pamumuhay sa inyong lugar. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.



Gawain sa Pagkatuto Bilang 5: Sagutin ang mga tanong ayon sa sitwasyon. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. Kung malamig ang panahon sa inyong lugar, anong uri ng kasuotan ang dapat mong isuot ? Bakit?
2. Kung ikaw ay nasa Quezon Province na may malalawak na lupain, ano ang mga hanapbuhay ng mga tao na mayroon dito? Bakit?



Buoin ang talata sa ibaba. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

Ang _____ at _____ ng bawat lugar ay nakakaimpluwensiya hindi lamang sa kanilang pamumuhay pati na rin sa kanilang _____. Mahalagang suriin ang iyong _____ upang maiangkop dito ang uri ng iyong _____.

kaugalian

kapaligiran

pamumuhay

lokasyon at klima

Ang Wika sa Aming Lalawigan

Aralin



Sa aralin na ito, matutuklasan mo ang mga wika at diyalekto ng ating lalawigan at rehiyon.



Tagalog ang pangunahing wika ng mga naninirahan sa gitna at katimugang bahagi ng Luzon. Tagalog ang wika sa mga lalawigan sa CALABARZON, na kinabibilangan ng Cavite, Laguna, Batangas, Rizal, at Quezon. Sa National Capital Region o NCR, Filipino ang wikang pangkalakalan na ang pinagbatayan ay Tagalog.

Tinatayang 24% ng kabuoang bilang ng mga Filipino ang nagsasalita ng wikang Tagalog. Ngunit kung ang pagbabatayan ay ang wikang Filipino, ang buong bansa ay nakakaintindi at nakakapagsalita nito. Marami ang maaaring maging dahilan sa paglaganap ng wika ng mga Tagalog. Maliban sa ito ay pinagbatayan ng wikang Pambansa, ito rin ang mas laganap na ginagamit sa **mass media**, mapa, radio, telebisyon, o pahayagan man. Maaari din na nakikita ng maraming Pilipino na ang wikang Tagalog ay malapit sa kanilang wika kung kaya't madaling intindihin at matutuhan.

Ang wika ng Tagalog ay sadyang nagpapakilala ng likas na ugali nating mga Filipino at iyon ay ang paggalang sa mga nakatatanda sa atin. Bawat isa sa atin ay gumagamit ng mga katawagan sa pakikipag-usap. Ito ay pagpapakita ng paggalang sa ating kapuwa. Ang mga katawagan na ito ay nauuri sa tatlo.

Ang unang katawagan ay ang magagalang na salitang ginagamit sa pakikipag-usap sa mga matatanda. Ang mga halimbawa nito ay ang paggamit ng kuya at ate sa nakatatandang kapatid. Ang pagbati ng magandang umaga, magandang gabi, at iba pa ay kabilang din sa uring ito.

Ang pangalawang katawagan ay ayon sa paghingi ng paumanhin at pasasalamat. Ang mga salitang **pasensiya po**, **patawad po**, **paumanhin po**, ay mga salita sa paghingi ng paumanhin samantalang ang mga salitang **salamat po** ay tanda ng pasasalamat. Ang ikatlong katawagan ay ayon naman sa paghingi ng pahintulot. Kabilang sa mga ito ang **maaari po ba**, **puwede po ba**, at iba pa. Maaaring gamitin ang mga katawagang ito sa paglalambing at pagturing sa ating mga kaibigan, mahal sa buhay, at sa iba pa.

Ang mga katawagang ito ay magagamit sa pakikitungo at pakikisama sa ating kapuwa, ipinapakita nito ang pagpapahalaga sa ating kinagishang pag-uugali noon pa man.



Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Isulat ang tsek(/) kung ang pahayag ay tama, at ekis (x) kung ito ay mali. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

- _____ 1. Tagalog ang pangunahing wika sa CALABARZON.
- _____ 2. Ang wikang Filipino ay nakabatay sa Tagalog.
- _____ 3. Ang wikang Tagalog ay may apat na uri ng katawagan.
- _____ 4. Filipino ang gamit sa National Capital Region o NCR.

___ 5. Ang unang katawagan ay magagalang na salitang ginagamit sa mga nakakatanda tulad ng kuya at ate.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Tukuyin kung ang mga salitang nasa loob ng kahon ay katawagan sa paggalang at pagbati sa nakakatanda, katawagan sa paghingi ng paumanhin pasasalamat, o katawagan sa paghingi ng pahintulot. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

paumanhin po	magandang gabi po	puwede po ba
pasensiya na po	maaari po ba	salamat po
magandang araw po	patawad po	Ate at kuya

Katawagan sa paggalang at pagbati sa nakakatanda	Katawagan sa paghingi ng paumanhin at pasasalamat	Katawagan sa paghingi ng pahintulot



Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Punan ang sumusunod ng mga salitang katawagan sa inyong lugar. Gamitin ito sa pangungusap. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

Halimbawa:

Layunin	Salita	Pangungusap
Paghingi ng pahintulot	Po	Maaari po ba akong maglaro?

Layunin	Salita	Pangungusap
Pagpapasalamat		
Pagbati		
Paghingi ng pahintulot		
Paghingi ng paumanhin		

Gawain sa Pagkatuto Bilang 4: Sa iyong sagutang papel, sumulat ng mga salita o diyalekto na ginagamit sa inyong lugar at kung ano ang ibig sabihin nito.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 5: Basahin at unawain ang sitwasyon. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

Habang papunta ka sa kantina, nakita mo ang isa sa iyong mga kaklase na nakikipag-usap sa tindera sa kantina. Napansin mo na hindi siya gumagamit ng “po” at “opo” sa pakikipag-usap sa tindera. Ano ang maaari mong gawin?

A _____

Buoin ang talata sa ibaba. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

Ang _____ ay mahalaga upang magkaintindihan at magkaunawaan ang bawat isa. Masuwerte tayo sa ating _____ dahil halos lahat sa atin ay nagsasalita ng wikang _____. Bilang isang mag-aaral, nararapat lamang na paglagumin mo ang iyong kaalaman sa wikang ating binibigkas.

rehiyon	wika	Tagalog	dayuhan
---------	------	---------	---------

Kapaligiran Aking Pangangalagaan

Aralin



Sa aralin na ito, matututuhan mo ang mga makasaysayang pook ng lalawigan at rehiyon. Matututuhan mo din ang ilang halimbawa ng kultura ng ilang lalawigan sa karatig na rehiyon.



Makikita ang ating kasaysayan sa mga lugar o pook sa ating rehiyon. Makikita din sa mga gusali ang mga pagbabagong nagaganap dito. Ang mga lugar na ito ay maituturing na saksi sa mga naganap sa ating lalawigan at rehiyon. Ang mga lugar na ito ang nagisilbing tanda ng mga mahahalagang pangyayari na nagaganap sa isang takdang panahon na nakapagpabago ng pamumuhay sa lalawigan.

Ang Calamba ay ipinagmamalaki ng Laguna dahil dito isinilang ang ating pambansang bayani na si Dr. Jose Rizal noong ika-19 ng Hunyo 1861. Ang pamumuhay ng mga taga-Calamba noong panahon ng pananakop ng Espanyol ay makikita sa Dambana ni Rizal. Makikita din dito ang tahanan at mga kagamitan ni Dr. Rizal at ng kaniyang pamilya.

Ang bayan ng Pila ay ipinagmamalaki din ng Laguna dahil dito makikita ang impluwensiya ng Espanyol at Amerikano sa kultura ng mga tao. Makikita sa buong bayan ang mayamang estruktura na naitatag noong panahon ng mga Espanyol hanggang sa panahon ng mga Amerikano.

Ang Cavite ay naging kilala rin sa isa sa mga makasaysayang pook ng Emilio Aguinaldo Shrine kung saan idineklara ni Emilio Aguinaldo ang kalayaan ng bansa sa kolonya ng Espanya noong ika-12 ng Hunyo 1898. Sa kauna-unahang pagkakataon dito rin iwinagayway ang bandila ng Pilipinas. Ang bandilang ito ay ginawa nina Marcela at Lorenza Agoncillo at Delfina Herbosa de Natividad. Tinugtog ang Marcha Nacional Filipina na obra ni Julian Felipe at tinugtog ng Banda San Francisco de Malabon.

Si Apolinario Mabini ay bayani ng ating bansa. Tinagurian siyang "Dakilang Lumpo" dahil kahit nagkaroon siya ng malubhang sakit hindi ito naging hadlang sa kaniya upang ipaglaban ang kalayaan ng Pilipinas. Ang Mabini Shrine ay matatagpuan sa Brgy. Talaga sa Tanauan, Batangas. Ang lugar na ito ay itinayo para maipakita ang mga importanteng pangyayari sa buhay ni Apolinario Mabini.

Ang Hunters-ROTC Guerillas Memorial Shrine ay isang dambana na matatagpuan sa kahabaan ng Hunters-ROTC Avenue 6th Street, Barangay San Juan, Cainta, Rizal. Ito ay nagpapaalala sa mga kabayanihan ng ating mga ninuno.

Labintatlong (13) bahagi ng Hunters ROTC Guerillas

- | | |
|--|---|
| 1. Pagsalakay ng Hapon – 1942 | 7. Pagliligtas ng isang US Pilot |
| 2. Ang Hapon na Pag-sakop | 8. Rolling Troops Camp |
| 3. Lihim na Asembleya ng Guerilla | 9. Tumatanggap ng Arms at Supply |
| 4. Ang Mahusay na Bayani sa Digmaan | 10. The Leyte Landing—Okt, 1944 |
| 5. Ang "Mabuti" Defector | 11. Pag-angat sa Tagumpay |
| 6. Misyon: Pagsubaybay at Magbigay ng Pantustos sa Pagkain | 12. Liberation of Kainta - Peb 22, 1945 |
| | 13. Araw ng Pagkakaibigan". |

Ang rebulto at mural ay parehong inukit ni F. Hernandez.

D

Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Iguhit ang ♥ kung ang pahayag ay tama at ○ naman kung ito ay mali. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

- _____ 1. Ang mga gusali at pook sa mga lalawigan ay maituturing na saksi sa mga naganap sa lalawigan.
- _____ 2. Ipinagmamalaki ng Laguna ang bayan ng Calamba dahil dito isinilang ang ating pambansang bayani na si Dr. Jose Rizal.
- _____ 3. Sa bayan ng Pila sa Laguna naman unang iwinagayway ang bandila ng Pilipinas.
- _____ 4. Ang Hunters-ROTC Guerillas Memorial Shrine ay nagpapaalala sa kabayanihan ng ating mga ninuno.
- _____ 5. Mabini Shrine ay itinayo para maipakita ang mga importanteng pangyayari sa buhay ni Apolinario Mabini.

E


Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Isulat sa loob ng kahon ang mga makasaysayang lugar, pook, o gusali na matatagpuan sa inyong lalawigan. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

--

Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Sumulat ng talata tungkol sa isang makasaysayang lugar, pook, o gusali na matatagpuan sa inyong lalawigan o bayan. Isulat kung saan ito matatagpuan, ano ang itsura nito, at kung bakit ito mahalaga sa kasaysayan. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 4: Sumulat ng isang liham na naglalaman ng imbitasyon para sa iyong kaibigan o kamag-anak na nakatira sa ibang lalawigan. Yayain siyang mamasyal sa inyong makasaysayang lugar o pook . Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

Gawain sa pagkatuto Bilang 5: Isulat sa loob ng Venn Diagram ang mga pagkakatulad at pagkakaiba ng mga makasaysayang lugar na napuntahan o nakita mo na. Gawin ito sa iyong sagutang papel.



A

Buoin ang talata sa ibaba. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

Sa pamamagitan ng pag-alam ng mga makasaysayang lugar, pook, at gusali na matatagpuan sa ating _____ at _____ , natututuhan ko kung paano ito mapangangalagaan at mapahahalagahan.

Mahalaga itong mapangalagaan sapagkat nararapat na alalahanin ang kabayanihan ng ating mga _____ upang mapagtanggol ang ating _____.

bayani

lalawigan

bayan

rehiyon

Ang Mga Kaugalian, Paniniwala, at Tradisyon ng iba't ibang Lalawigan sa Rehiyon



Aralin

Sa aralin na ito, matututuhan mo ang mga natatanging kaugalian, paniniwala, at tradisyon sa sariling lalawigan at iba pang lugar sa rehiyon. Matututuhan mo rin ang mga uri ng sining na nagpapakilala sa ating lalawigan at sa rehiyon.



Ang bawat lalawigan sa isang rehiyon ay may iba-ibang paniniwala, kaugalian, at tradisyon na nakabatay sa kanilang kultura. Ang mga ito ay kinagawian na bago pa man dumating ang mga Kastila sa ating bansa. Mahalaga ito sa isang lugar sapagkat ang kanilang kultura ang kumakatawan at sumasalamin sa yaman ng kanilang lugar.

Karamihan sa kaugalian, paniniwala, at tradisyong ito ay may kaugnayan sa kanilang pananampalataya. Ang pagdaraos ng mga kapistahan ay nagsimula sa mga ritwal at seremonya ukol sa mga espiritu at diyos-diyosan noong unang panahon.

Ang Pahiyas Festival ay ginaganap tuwing ika -15 ng Mayo sa Lucban, Quezon . Ang salitang **pahiyas** ay nagmula sa salitang **payas** na ang ibig sabihin ay pagdedekorasyon. Ang mga magsasaka ay naghahandog ng kanilang mga naaning mga pagkain sa simbahan bilang pasasalamat sa Panginoon sa kanilang masaganang ani. Sa mga nagdaang panahon ang lahat ng kanilang naani na mga pagkain ay inaayos sa harap ng kanilang bahay upang mabendisyunan ng mga pari na umiikot sa kanilang lugar. Nagkakaroon rin ng paligsahan sa pagdedekorasyon ng kanilang mga naani.

Nagkakaroon din sila ng prusisyon bilang pagpapasalamat sa kanilang patron na si San Isidro Labrador.

Sa lalawigan ng Quezon ang tinawag na Niyogyugan Festival ay naglalayong ipakita ang puno ang buhay na naging pangunahing mapagkukunan ng kita ng karamihan sa mga taga-Quezon noong unang bahagi ng siglo. Nilalayon din nito na "iling" ang industriya sa pamamagitan ng pagtatampok ng kultura, mga tradisyon, mga pagpapahalaga, lahat ng bagay na naglalarawan ng puno ng buhay at kung paano ito nakakaapekto sa buhay ng isang tipikal na taga-Quezon.

Ang Higantes Festival ay isang sekular na pagdiriwang na pinasimulan ng Munisipalidad ng Angono upang ipahayag ang pasasalamat sa tagapagtaguyod nito na si Saint Clement sa parada ng mga higante na ginaganap sa Linggo bago ang pagdiriwang ng kapistahan ng bayan tuwing Nobyembre 23 ng taon.

Batay sa kuwentong-bayan ng Angono, ang 'higante' ay ginamit bilang simbolo ng protesta ng agraryo sa panahon ng papaliit na kolonya ng Espanya noong ang Angono ay isang hacienda (malaking lagay ng mga lupa).

Ang isang pag-aaral na ginawa ng propesor ng Far Eastern University na si James Owen Saguinsin, gayunpaman, ay nagteorya na ang higante ay walang pananatili at ang mga lokal ng Angono ay talagang tumutukoy sa isang matangkad at matayog na 'katiwala' o hacienda caretaker na nagngangalang Karias Tangkad bilang higanteng kinukuha ng mga residente at paghihiganti 'higanti' sa Filipino.

Sa kasalukuyan, ang 'higantes' ay umunlad, kasama ang mga manggagawa ng Angono na gumagawa ng mga imahen ng mga lokal at pambansang opisyal, mga alamat ng Angono, ang mga nakabalangkas sa awiting katutubong Filipino na 'Bahay Kubo,' at maging ang maliliit na higante na tinatawag na 'higantitos.'

Maraming mga turista at deboto ang bumibisita sa Simbahan ng Antipolo lalo na sa panahon ng Pilgrimage Season sa Mayo. Iyon ang dahilan kung bakit kilalang-kilala ang Antipolo bilang Pilgrimage City ng Pilipinas.

Ang Sumakah ay isang pagpapaikling-salita para sa suman, mangga, kasoy at hamaka na ginamit dati bilang isang paraan ng transportasyon. Ang piyesta ay nilikha upang itaguyod ang mga produkto ng Antipolo. Ipinagdiriwang tuwing ika-1 ng Mayo. Nagsasaayos ang pagdiriwang ng iba't ibang mga aktibidad at isa na rito ay ang Alay Lakad. Ang Alay Lakad ang pagbubukas ng Festival. Mayroon ding mga pageant sa kagandahan, sayawan sa kalye at iba pang iba't ibang mga pagtatanghal mula sa ilang mga residente ng Antipolo. Isinaayos din ito upang makilala ang Itim na Nazareno na dinadala sa Antipolo Cathedral. Ang pagdiriwang ay nagbibigay libangan sa mga tao at sila ay nagiging mas pamilyar sa lungsod.



Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Isulat ang **Tama** kung ang pahayag ay tama at **Mali** naman kung ito ay mali. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

- _____ 1. Karamihan sa kaugalian, paniniwala, at tradisyong ito ay walang kaugnayan sa kanilang pananampalataya.
- _____ 2. Ang salitang **pahiyas** ay nagmula sa salitang **payas** na ang ibig sabihin ay pagdedekorasyon.

- _____ 3. Ang bawat lalawigan sa ating rehiyon ay may kani-kaniyang mga kaugalian, paniniwala at tradisyon.
- _____ 4. Ang Sumakah ay isang pagpapaikling-salita para sa suman, mangga, kasoy at hamaka.
- _____ 5. Niyogyogan Festival ay naglaalayong ipakita ang puno ang buhay na naging pangunahing mapagkukunan ng kita ng karamihan sa mga taga-Quezon noong unang bahagi ng siglo.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Tukuyin ang mga isinasaad ng bawat pangungusap. Piliin ang iyong sagot sa loob ng kahon. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. Lugar kung saan ipinagdiriwang ang Higantes Festival.
2. Tumutukoy sa isang matangkad at matayog na 'katiwala' o hacienda caretaker.
3. Pinaikling salita para sa suman, mangga, kasoy at hamaka.
4. Kinilala ang lugar na ito bilang Pilgrimage City ng Pilipinas.
5. Buwan kung kailan ginaganap ang Pahiyas Festival.

Sumakah	Antipolo	Mayo
Karias Tangkad	Angono	

E

Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Sa iyong sagutang papel, gumawa ng likhang sining na nagpapakita ng pagmamalaki sa natatanging kaugalian, paniniwala, at tradisyon. Gawin ito sa pamamagitan ng pagguhit, tula, o awit. Gumawa ng likhang sining batay sa iyong kakayahan.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 4: Magsagawa ng pananaliksik ng sikat na awitin, tula, sayaw, o likhang sining ng sariling lalawigan sa pamamagitan ng pagtatanong sa mga kasama sa bahay. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

Sikat na Awitin

Sikat na tula

Sikat na sayaw

Sikat na Likhang
Sining

Gawain sa Pagkatuto Bilang 5: Sumulat ng isang maikling talata kung papaano mo mapapanatili ang mga likhang sining ng inyong lalawigan. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.



Buoin ang talata sa ibaba. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

Ang _____ sa mga likhang sining ng sariling _____ ay mahalaga para sa mas malalim na pagunawa dito. Kaya naman, bilang isang mag-aaral, marapat mong pag-igihan ang pagpapaunlad ng iyong _____ sa mga _____ ng sariling lalawigan.

kaalaman

lalawigan

pagtuklas

sining


Mga Pangkat ng Tao sa Aming Rehiyon

Aralin

I

Sa aralin na ito, matutukoy at mailalarawan ang mga katangian ng mga pangkat ng tao sa mga lalawigan ng ating rehiyon.

Sa iba't ibang panig ng ating bansa naninirahan ang mga pangkat ng tao. Nakikilala ang bawat pangkat sa kanilang mga pagkakakilanlan. Ang grupo o pangkat ng mga taong sama-samang naninirahan sa isang lugar na may sariling wika, kultura, tradisyon, at paraan ng pamumuhay ay tinatawag na pangkat-etniko. Mayroon silang mga katangian na kakaiba sa ibang pangkat. Sila at ang kanilang natatanging pagkakakilanlan ay itinuturing na mahalagang bahagi sa kabuoan ng kulturang Filipino.



Karamihan sa mga naninirahan sa mga rehiyong matatagpuan sa gitna hanggang silangang bahagi ng isla ng Luzon ay mga taong nabibilang sa isang malaking pangkat na tinatawag na Tagalog. Ang Tagalog ay nagmula sa salitang “taga-ilog” na ang ibig sabihin ay nakatira sa baybaying ilog.

Ang mga Tagalog ang isa sa pinkamalaking pangkat-etniko sa bansa dahil sa lawak ng distribusyon nila sa buong bansa.

Tagalog ang pangunahing pangkat sa mga lalawigan ng Cavite, Batangas, Bataan, Bulacan, Aurora, Marinduque, Rizal, Quezon, Mindoro, at National Capital Region.

Ang mga Tagalog ay biniyayaan ng mayamang lupa at dagat kaya naman ang pangunahing hanapbuhay nila ay pagsasaka at pangangisda. Tagalog ang pangunahing wika ng mga taga-Rehiyon IV-CALABARZON at ng MIMAROPA pati na ang ilang bahagi ng Rehiyon III. Sa NCR, bilang sentro ng kalakalan ng bansa, ginagamit ang pambansang wikang Filipino na ang pinagbatayan ay ang wikang Tagalog. Ang mga Tagalog ay kinagigiliwan dahil sila ay masayahin, matapat, maawain, mahusay sa pakikipagkaibigan, katalinuhan, at kalinangan. Ito ay bunga marahil ng lapit sila sa kabihasanan, komersiyo, at pamahalaan.

Ang tinatayang kauna-unahang mga taong nanirahan sa Pilipinas ay ang mga Ayta. May katangian sila ng pagiging maitim ang balat, makapal na labi, pandak, at kulot ang buhok.

Maraming mga Ayta ang matatagpuan sa iba't ibang bahagi ng Luzon lalo na sa Hilaga at Silangan. Maraming tawag sa kanila tulad ng Ayta, Agta, Ita, at Negrito. Tinatawag silang Dumagat sa mga lalawigan ng Quezon at Rizal. Ang pangunahing hanapbuhay ng mga Negrito ay pagsasaka at pangangaso dahil sila ay matatagpuan sa kabundukan.

May mga pangkat ng mga dayuhan ang naninirahan sa mga lalawigan sa ating rehiyon. May ilang pangkat ng mga Chinese o tinatawag na Tsino. Halos lahat sa kanila ay mga negosyante. Mayroon ding tinatawag na Indian na nanggaling sa bansang India. Sila din ay mahilig magnegosyo. Ang ibang pangkat ng mga tao na dumayo sa ating rehiyon at permanente nang nainirahan dito ay ang mga Amerikano, Espanyol, at Hapones.

D

Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Iguhit ang ☺ kung ang pahayag ay tama at ☹ naman kung ito ay mali. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

- _____ 1. Ang Tagalog ay nagmula sa salitang “taga-ilog” na ang ibig sabihin ay nakatira sa baybaying ilog.
- _____ 2. Ang pangunahing hanapbuhay ng mga Tagalog ay pagmimina at pagtotroso.
- _____ 3. Tagalog ang pangunahing wika ng mga taga-Rehiyon IV CALABARZON at MIMAROPA pati na ang ilang bahagi ng Rehiyon III.
- _____ 4. Ginagamit sa NCR ang pambansang wikang Filipino na ang pinagbatayan ay ang wikang Tagalog.
- _____ 5. Ang mga Ayta ang finatayang kauna-unahang mga taong nanirahan sa Pilipinas.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Piliin sa kahon ang tamang sagot. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

Tsino	Indian	Tagalog
Ayta	Dumagat	

1. Sila ang isa sa pinakamalaking pangkat-etniko sa bansa dahil sa lawak ng distribusyon nila sa buong bansa.
2. Ito din ang tawag sa mga Ayta sa mga lalawigan ng Quezon at Rizal.

3. Sila ang pangkat ng mga Chinese at halos lahat sa kanila ay negosyante.
4. Sila ang tinatayang kauna-unahang mga taong nanirahan sa Pilipinas.
5. Sila ang pangkat ng tao na nanggaling sa bansang India ay mahilig din silang magnegosyo.



Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Gumawa ng talata tungkol sa mga katangian ng pangkat ng tao na iyong kinabibilangan (maaring ito ay Tagalog, Ayta, Dayuhan, o iba pa). Isulat ang iyong anyong pisikal, wika, at paniniwala. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 4: Gumuhit ng isang larawan na nagpapakita ng anyong pisikal ng pangkat ng tao na iyong kinabibilangan. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 5: Piliin sa kahon ang tamang salita na tutugma sa patlang. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

lalawigan	kultura
maipakikita	pangkat ng tao

Mahalagang alam mo ang mga _____ sa inyong _____ upang mas maunawan mo ang sariling kultura. Sa pamamagitan nito _____ mo ang iyong pagpapahalaga sa sariling _____.



Buoin ang talata sa ibaba. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

Ang _____ sa iba't ibang _____ ng mga tao sa sariling lalawigan ay mahalagang malaman upang lubusang maunawaan ang mga _____ ng mga nakatirang pangkat ng tao sa kinabibilangan na lalawigan at _____. Sa pag-unawa ng mga pangkat ng tao ay lalo pa silang mapahahalagahan at mapangangalagaan.

pagkakaiba	kamalayan
pangkat	rehiyon

Pagpapahalaga sa mga Pangkat ng Tao

Aralin

I

Sa aralin na ito, matututuhan mo na palalimin ang pagkakaunawa sa mga pangkat na kabilang sa sariling lalawigan sa pamamagitan ng pagpapakita ng pagpapahalaga sa pagkakaiba-iba ng bawat pangkat sa isa't isa.

Bagama't magkakaiba ang mga itsura at katangian ng mga pangkat ng tao sa isang lalawigan, silang lahat ay kasapi ng kinabibilangang lalawigan. Mahalaga na matutuhan kung papano ipapakita ang paggalang sa iba't ibang pangkat ng tao sa inyong lalawigan.



Si Anton ay isang batang Ayta na may maitim na kulay ng balat, at kulot na buhok. Siya ay nasa ikatlong baitang na sa isang mababang paaralan.

Dahil iba ang kaniyang pisikal na anyo kaysa sa mga batang Tagalog na nag-aaral din sa parehong paaralan ay umiiwas sila sa kaniya at ilang sa pakikipagkaiban dito.

Napansin ito ng kanilang guro kaya naman gumawa agad siya ng paraan. Nang araw na iyon tinalakay nila sa klase ang mga bayaning katutubo na nagtanggol sa Pilipinas noong pananakop ng mga dayuhan.

Tinalakay din nila ang mga katutubong nagtagumpay sa buhay at ngayon ay may malaking ambag sa pag-unlad ng lalawigan. Huli nilang tinalakay na ang mga Filipino ay nasa iisang bansa na sama-samang nabubuhay, nagtutulungan, at nagmamahalan magkakaiba man ang uri ng pangkat-etniko na kinabibilangan.

Mula noon ay hindi na nailang ang mga batang Tagalog kay Anton at naging magkakaibigan na sila.

Ang paggalang sa pagkakaiba iba ng bawat tao, anyo man o paniniwala ay mahalaga upang tayo ay mabuhay nang mapayapa at may pagkakaisa.

D

Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Isulat ang **Tama** kung ang pahayag ay tama at **Mali** naman kung ito ay mali. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

- _____ 1. Pakikipagkaibigan sa ibang kamag-aral na kabilang sa ibang pangkat ng tao.
- _____ 2. Tutuksuhin ang pagkakaiba ng mga kamag-aral na iba ang anyo dahil ito ay galing sa ibang pangkat ng tao.
- _____ 3. Makikihalubilo sa mga gawain sa paaralan kahit na ibang pangkat ng tao ang pinanggalingan.

- _____ 4. Pagtatawanan ang mga kamag-aral na galing ng ibang pangkat ng tao dahil sa kanilang kasuotan.
- _____ 5. Namimili ng mga batang maaaring kaibiganin sa paaralan.




Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Isulat sa loob ng kahon ang pagkakaiba at pagkakapareho ng pangkat ng tao batay sa kanilang pisikal na anyo at paniniwala. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

	Pagkakapareho	Pagkakaiba
Tagalog		
Ayta		
Dayuhan		

Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Sumulat ng maiksing talata kung papaano mo maipakikita ang iyong pagpapahalaga sa pagkakaiba-iba ng bawat pangkat ng tao sa inyong lalawigan. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 4: Sumulat ng isang liham pasasalamat para sa isang kaibigan na nagmula sa ibang pangkat ng tao. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.





Buoin ang talata sa ibaba. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

Ang ating bansa ay binubuo ng iba't ibang _____ ng tao. Ang papapahalaga sa mga _____ nating mga Pilipino ay mahalaga upang ang kapayapaan at _____ ay makamantan sa ating bayan. Kaya naman, bilang mag-aaral, mahalaga na marunong kang ipakita ang iyong _____ sa pagkakaiba ng bawat pangkat ng tao sa ating bansa.

pangkat

pagkakaiba

kaularan

pagpapahalaga



Susi sa Pagwawasto

Week 1				
Gawain sa Pagkatu- to Bilang 5: Ang sagot ay batay sa natutuhan ng bata.	Gawain sa Pagkatu- to Bilang 4: Ang sagot ay batay sa natutuhan ng bata.	Gawain sa Pagkatu- to Bilang 3: 1. Tradisyon 2.Kaugalian 3.Panihiwala 4.Kaugalian 5.Panihiwala	Gawain sa Pagkatu- to Bilang 2: 1.e 2.d 3.b 4.c 5.a	Gawain sa Pagkatu- Bilang 1: 1. Pagpapahalaga 2. panihiwala 3. batas 4. Tradisyon 5. kultura
Week 2				
Gawain sa Pagkatu- to Bilang 5: Ang sagot ay batay sa natutuhan ng bata.	Gawain sa Pagkatu- to Bilang 4: Ang sagot ay batay sa natutuhan ng bata.	Gawain sa Pagkatu- to Bilang 3: Ang sagot ay batay sa natutuhan ng bata.	Gawain sa Pagkatu- to Bilang 2: 1.c 2.d 3.b 4.e 5.a	Gawain sa Pagkatu Bilang 1: 1. ▼ 4. 2. ○ 5. 3. ▼
Week 3				
Gawain sa Pagkatu- to Bilang 5: Ang sagot ay batay sa natutuhan ng bata.	Gawain sa Pagkatu- to Bilang 4: Ang sagot ay batay sa natutuhan ng bata.	Gawain sa Pagkatu- to Bilang 3: Ang sagot ay batay sa natutuhan ng bata.	Gawain sa Pagkatu- Bilang 2: Pagdalang -magandang gabí po, magandang araw po, ate at kuya Pamanhin - pamanhin po, pamilya na po, salamat po, patawad po Pahintulot - puwede po ba, mari po ba.	Gawain sa Pagkatu- to Bilang 1: 1./ 2./ 3.X 4./ 5./
Week 4				
Gawain sa Pagkatu- to Bilang 5: Ang sagot ay batay sa kaalaman ng mag-aaral	Gawain sa Pagkatu- to Bilang 4: Ang sagot ay batay sa kaalaman ng mag-aaral	Gawain sa Pagkatu- to Bilang 3: Ang sagot ay batay sa kaalaman ng mag-aaral	Gawain sa Pagkatu- to Bilang 2: Ang sagot ay batay sa kaalaman ng mag-aaral	Gawain sa Pagkatu- to Bilang 1: 1. ♥ 2. ♥ 3. ○ 4. ♥ 5. ♥

Week 5				
Gawain sa Pagkatu- to Bilang 5: Ang sagot ay batay sa natutunan ng bata.	Gawain sa Pagkatu- to Bilang 4: Ang sagot ay batay sa natutunan ng bata.	Gawain sa Pagkatu- to Bilang 3: Ang sagot ay batay sa natutunan ng bata.	Gawain sa Pagkatu- to Bilang 2: 1. Angono 2. Karitas Tangkad 3. Sumakah 4. Antipolo 5. Mayo	Gawain sa Pagkatu- to Bilang 1: 1. Mali 2. Tama 3. Tama 4. Tama 5. Tama
Week 6				
Gawain sa Pagkatu- to Bilang 5: pangkat ng tao lalawigan maipapakita kultura	Gawain sa Pagkatu- to Bilang 4: Ang sagot ay batay sa natutunan ng bata.	Gawain sa Pagkatu- to Bilang 3: Ang sagot ay batay sa natutunan ng bata.	Gawain sa Pagkatu- to Bilang 2: 1. Tagalog 2. Dumagat 3. Tsino 4. Ayta 5. Bombay	Gawain sa Pagkatu- to Bilang 1: 1. ☹️ 4. ☹️ 2. ☹️ 5. ☹️ 3. ☹️
Weeks 7-8				
Gawain sa Pagkatu- to Bilang 5: Ang sagot ay batay sa natutunan ng bata.	Gawain sa Pagkatu- to Bilang 4: Ang sagot ay batay sa natutunan ng bata.	Gawain sa Pagkatu- to Bilang 3: Ang sagot ay batay sa natutunan ng bata.	Gawain sa Pagkatu- to Bilang 2: Ang sagot ay batay sa natutunan ng bata.	Gawain sa Pagkatu- to Bilang 1: 1. Tama 4. Mali 2. Mali 5. Mali 3. Tama

Personal na Pagtatása sa Lebel ng Performans para sa Mag-aaral

Pumili ng isa sa mga simbolo sa ibaba na kakatawan sa iyong naging karanasan sa pagsasagawa ng mga gawain. Ilagay ito sa Hanay ng LP o Lebel ng Performans. Basahin ang



- ★ -Nagawa ko nang mahusay. Hindi ako nahirapan sa pagsagawa nito. Higit na nakatulong ang gawain upang matutuhan ko ang aralin.
- ✓ -Nagawa ko nang maayos. Nahirapan ako nang bahagya sa pagsasagawa nito. Nakatulong ang gawain upang matutuhan ko ang aralin.
- ? -Hindi ko nagawa o nahirapan ako nang labis sa pagsasagawa nito. Hindi ko naunawaan ang hinihingi sa gawain. Kailangan ko pa ng paglilinaw o dagdag kaalaman upang magawa ko ito nang maayos o mahusay.

Gawain sa Pagkatuto

Week 1	LP	Week 2	LP	Week 3	LP	Week 4	LP
Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8	
Week 5	LP	Week 6	LP	Week 7	LP	Week 8	LP
Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8	


Paalala: Magkaparehong sagot ang ilalagay sa LP o Lebel ng Performans sa mga gawaing nakatakda ng higit sa isang linggo o week. Halimbawa: Ang aralin ay para sa Weeks 1-2, lalagyan ang hanay ng Week 1 at Week 2 ng magkaparehong ★, ✓, ?.



Sanggunian

Department of Education. (2020). *K to 12 Most Essential Learning Competencies with Corresponding CG Codes*. Pasig City: Department of Education Curriculum and Instruction Strand.

Department of Education Region 4A CALABARZON. (2020). *PIVOT 4A Budget of Work in all Learning Areas in Key Stages 1-4: Version 2.0*. Cainta, Rizal: Department of Education Region 4A CALABARZON.



Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education Region 4A CALABARZON

Office Address: Gate 2, Karangalan Village, Cainta, Rizal

Landline: 02-8682-5773, locals 420/421

<https://tinyurl.com/Concerns-on-PIVOT4A-SLMs>

